

Mandato

Bisyon:

“Wikang Filipino, Wika ng Dangal at Kaunlaran

Misyon

Itaguyod ang patuloy na pag-unlad at paggamit ng Filipino bílang WIKang Pambansa hábang pinapangalagaan ang mga wikang katutubo ng Filipinas tungo sa pagkakaunawaan, pagkakaisa, at kaunlaran ng sambayanang Filipino.

Mandato

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay nilikha upang magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika sa Filipinas. Batas Republika Blg. 7104 Batas na lumikha sa Komisyon sa Wikang Filipino, nagtatakda ng mga kapangyarihan nito, mga tungkulin at mga gawain, naglalaan ng gugulin ukol dito at para sa iba pang mga layunin.

Batas Republika 7104, Seksiyon 6. Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Komisyon. Ang Komisyon, ayon sa mga pertinenteng tadhana ng 1987 Konstitusyon at ng Batas Republika Blg. 7104, ay may mga kapangyarihan, gawain, at tungkuling tulad ng mga sumusunod:

(a) Magbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

(b) Magtakda ng mga tuntunin, regulasyon, at patnubay upang isakatuparan ang mga patakaran, mga plano, at mga programa nitó;

(c) Magsagawa at makipagkontrata ukol sa saliksik at iba pang mga pag-aaral upang isulong ang ebolusyon, pagpapaunlad, pagpapayaman, at sa dakong huli'y estandarisasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas. Sasaklawin nitó ang pagsasanib ng mga gawain para sa posibleng ingkorporasyon tungo sa isang multilingguwal na diksiyonaryo na mga salita, parirala, idyoma, sipi, kasabihan, at iba pang mga pahayag, kasáma ang mga salita at parirala mula sa ibang mga wika na ginagamit nang malaganap o bahagi ng lingguwa prangka;

(d) Magpanukala ng mga patnubay at istandard para sa mga anyuing lingguwistiko at pagpapahayag sa lahat ng opisyal na komunikasyon, publikasyon, teksbuk, at iba pang materyales sa pagbasa at pagtuturo;

(e) Hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

(f) Lumikha at magpanatili sa Komisyon ng isang dibisyon ng pagsasalin na gaganyak sa pamamagitan ng mga insentibo, magsasagawa at masigasig na magtataguyod ng pagsasalin sa Filipino at sa iba pang mga wika ng Filipinas ng mahahalagang akdang historikal at tradisyong kultural ng mga pangkating etnolingguwistiko, mga batas, mga kapasiyahan, at iba pang mga gawaing lehislatibo, mga atas ehekutibo, mga pahayag na pampatakaran ng pamahalaan at mga dokumentong opisyal, mga teksbuk at mga sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina, at iba pang mga banyagang materyales na maaari nitóng ipasiyang kinakailangan sa edukasyon at para sa iba pang mga makabuluhang layunin;

(g) Tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain,

tungkulin, at pananagutan nitó;

(h) Magsagawa sa mga antas na pambansa, rehiyonal, at lokal ng mga pagdinig pampubliko, kumperensiya, seminar, at iba pang mga pangkatang talakayan upang umalam at tumulong sa paglutas ng mga suliranin at mga isyung may kaugnayan sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

(i) Bumuo at magpatibay ng mga patnubay, istandard, at sistema para sa pagmomonitor at pagrereport ng pagganap nitó sa mga antas na pambansa, rehiyonal, at lokal; at magsumite sa Opisina ng Pangulo at sa Kongreso ng mga taunang ulat ng pagsulong hinggil sa implementasyon ng mga patakaran, mga plano, at mga programa nitó;

(j) Humirang, sa ilalim ng mga tadhana ng umiiral na mga batas, ng mga pinuno at kawani nitó at iba pang mga tauhan na kailangan para sa epektibong pagganap ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó; at magtiwalag sa kanila alinsunod sa mga kadahilanan at prosesong itinakda ng Kodigo ng Komisyon sa Serbisyo Sibil;

(k) Mag-organisa at magreorganisa ng estruktura ng Komisyon, lumikha at bumuwag ng mga posisyon, o magpalit ng designasyon ng umiiral na mga posisyon upang matugunan ang nagbabagong mga kondisyon o kailanman at hinihingi ng pangangailangan: sa pasubali, na ang naturang mga pagbabago ay hindi makaaapekto sa istatus ng mga nanunungkulan, makapagpapababà sa kanilang mga ranggo, makapagbabawas sa kanilang mga suweldo, o magbubunga ng kanilang pagkatiwalag sa serbisyo;

(l) Gampanan ang iba pang mga aktibidad na kinakailangan sa epektibong paggamit ng mga binanggit sa unahan na mga kapangyarihan, mga gawain, mga tungkulin, at mga pananagutan; at

(m) Magpanukala at magsagawa ng iba pang gawaing wala sa mga binanggit sa unahan ngunit kailangan at nasasaklaw ng itinatadhana sa Batas Republika Blg. 7104.